**Song:**

## The Red Hen Song

*Who will help me do it, ask the little red hen.*

*Who will help me today?*

*Who will help me do it, ask the little red hen. I am making some bread today.*

*Not I, the animal say. Not I, Not I, Not I. (3x)*

*Not I, Not I, Not I, Not I.*

*No, not I today.*

*Who will help me do it, ask the little red hen.*

*Who will help me eat it?*

*Ask the little red hen.*

*I am making some bread today.*

*I will, the animal say. I will, I will, I will. (3x)*

*I will, I will, I will, I will. Yes, I will today.*

**Story: The Little Red Hen**

**(Contextualized)**

## Ang Masipag na Manok

Si Manok ay nakatira sa isang sakahan kasama ang mga hayop.

Isang araw habang siya ay naglalakad ay nakakita siya ng mga buto at naisipan niyang itanim ito.

"Sino ang tutulong sa akin sa pagtatanim, tanong ng manok.

"Hindi ako", sabi ni Baka. "Hindi ako", sabi ni Daga. "Hindi ako", sabi ni Aso.

"Ako na lang ang magtatanim" sabi ni Manok.

Itinanim na ni manok ang mga buto. Di naglaon ay tumubo ang mga buto sa malalagong palay.

"Sino ang tutulong sa akin na anihin ang palay?" tanong ni Manok.

"Hindi ako", sabi ni Pato. "Hindi ako", sabi ni Pusa. "Hindi ako", sabi ni Baka.

Napabuntong hininga si Manok at sinimulan niyang anihin ang palay.

Dahil sa pagod ay gusto na ni Manok na magpahinga, ngunit hindi pa tapos ang kanyang gawain.

"Sino ang magdadala ng palay sa gilingan upang maging arina?" tanong ni Manok.

"Hindi ako", sabi ni Daga. "Hindi ako", sabi ni Aso. "Hindi ako", sabi ni Pato.

"Ako na lang ang magdadala sa gilingan", and sabi ni Manok.

Dinala ni Manok ang palay sa gilingan at pagkatapos ay dala-dala niya ang mabigat na sako ng arina pabalik na sakahan.

“Sino ang tutulong sa pagluto ng tinapay?” tanong ni Manok.

“Hindi ako”, sagot ni Pusa. “Hindi ako”, sagot ni Baka.  “Hindi ako”, sagot ni Aso.

“Sige, ako na ang magluluto ng tinapay”, ang sabi ni Manok.

Nang tapos na ang pagluluto ng napakasarap na tinapay.

“Sino ang tutulong na kainin ang tinapay?” tanong ni Manok.

“Kami.” Sagot ni Pato at Aso. “Kami rin.” Sagot ni Baka at Pusa. “Huwag mo akong kakalimutan”, sabi ni Daga.

“Hindi!” sabi ni Manok. Ang tinapay na ito ay para lamang sa nagtrabaho at tumulong”.  Masayang kumain at nagpahinga si Manok pagkatapos ng mga gawain.